Oregon Department of Human Services
OFFICE OF DEVELOPMENTAL DISABILITIES SERVICES

# Mga madalas itanong (FAQs)

## Children's Extraordinary Needs na Programa

1. **Para kanino ba ang Programang mga Hindi Pangkaraniwang Pangangailangan ng mga Bata (Children's Extraordinary Needs,CEN)?**

Ang programa ay para sa batang mas mababa ang edad sa 18 taong gulang. Dapat na mayroon silang napakataas na pangangailangan sa suportang medikal o sa pag-uugali batay sa kanilang Pagtatasa ng Oregon sa mga Pangangailangan.

2. **Ilang mga bata ang puwedeng ma-sign up para sa Programang CEN?**

Hindi hihigit sa 155 mga bata ang puwedeng maipasok sa programa bawat beses. Kapag umalis ang mga bata sa programa, gaya ng kung umalis sila palabas ng estado, maidadagdag ang iba upang mapunan ang nabakanteng puwang.

3. **Ano ang papel ng bata sa pagpili upang makalahok sa Programang CEN?**

May karapatan ang magulang na pumili ng bayarang mga tagapagbigay ng serbisyo ng kanilang anak. Ipapaliwanag ng tagakoordong ng serbisyo (service coordinator ,SC) ng bata ang mga opsyon para sa bata. Isasama nila ang nais ng bata sa panahon ng pagpaplano ng serbisyo

## 4. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng isang magulang at bayarang tagapagbigay ng serbisyo?

May mahalagang mga pagkakaiba sa pagitan ng pagiging magulang na hindi bayaran at pagiging bayarang tagapagbigay ng serbisyo ng Medicaid. Ang isang pagkakaiba ay mandatoryong mga tagaulat ng pang-aabuso ang mga bayarang tagapagbigay ng serbisyo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Kung isa kang mandatoryong tagaulat, dapat mong iulat ang lahat ng mga paghihinala ng pang-aabuso o pagpapabaya. **Tumawag sa hotline ng pang-aabuso sa 855-503-SAFE (7233) upang makagawa ng isang ulat. Bukas ang hotline 24 na oras sa isang araw, 365 araw sa isang taon.**

## 5. Ano ang isang itinalagang kinatawan?

Tumutulong ang isang itinalagang kinatawan sa pagpaplano ng serbisyo ng isang bata kapag walang ibang, hindi bayarang magulang na gaganap sa papel na ito.

### 6. Ilang oras makakapagtrabaho ang isang magulang sa programang CEN?

Hindi kailanman maaaring magkaroon ang isang bata ng higit sa 20 oras bawat linggo na bayad na pangangalaga ng isang tagapagbigay ng serbisyo na magulang. Okay lang para sa higit sa isang magulang ang maging tagapagbigay ng serbisyo ng kanilang anak, ngunit gaano man karaming mga magulang ang nagbibigay ng bayad na pangangalaga, hindi sila mababayaran ng higit sa 20 oras bawat linggo sa kabuuan.

### 7. Paano makakapagsa-sign up ang isang magulang upang makapagtrabaho sa isang ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo?

Tutulong ang mga tagakoordina ng mga serbisyo sa mga magulang na makahanap ng mga ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo — isang lugar na pagtatrabahuan bilang bayarang magulang — na nagsabi nang interesado silang mangupahan ng mga magulang ng mga bata. Maaaring handa ang ibang mga ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo na mangupahan ng mga magulang ng mga bata. Malaya ang mga magulang na hilingin ang anumang piliin nilang ahensya. Dapat matugunan ng mga magulang ang lahat ng mga kinakailangan ng ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo upang matanggap. Makikita ang listahan ng interesadong mga ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo dito.

### 8. Anong mga gawain ang magagawa ng isang magulang na tagapagbigay ng serbisyo para sa kanilang anak habang nagtatrabaho bilang empleyado ng ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo?

Pangangalaga ng attendant. Tumutulong ang serbisyong ito sa mga tao na may mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay (activities of daily living, ADL), instrumental na mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay (instrumental activities of daily living, IADL), at pangangalagang nauugnay sa kalusugan sa pamamagitan ng hands-on na tulong, pangangasiwa, o paggamit ng mga salita o mga galaw ng kamay. Kasama sa mga ADL ang pangangalada sa sarili gaya ng pagkain, paggamit ng banyo, pag-aayos, pananamit, at paliligo. Ang mga IADL ay mga bagay na gaya ng pamimili at pagluluto.

Hindi maaaring payagan ng mga ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo ang ilang mga gawain na maaaring parang mga ADL at mga IADL. Hindi mababayaran ang mga magulang na tagapagbigay ng serbisyo upang gawin ang mga ito. Kabilang dito ang pangkalahatang mga responsibilidad at serbisyo ng magulang na makukuha sa ibang mga lugar gaya ng paaralan o opisina ng doktor. Ang isang halimbawa ng isang hindi masisingil na gawain ay ang pagmamaneho papunta at mula sa paaralan o mga appointment sa doktor. Dapat sundin ng mga magulang ang mga patakaran ng ahensyang nagbabayad sa kanila. Dapat ipaliwanag ng mga

Oregon Department of Human Services
OFFICE OF DEVELOPMENTAL DISABILITIES SERVICES

ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo ang mga patakaran sa bayarang mga magulang. Dapat gumagawa ang mga bayarang magulang tungo sa mga layunin sa Indibidwal na Plano ng Suporta (Individual Support Plan, ISP) ng bata. Dapat sundin ng magulang ang mga patakaran ng kanilang amo at magtanong sa kanilang superbisor kung hindi sila sigurado sa dapat gawin.

9. **Ano ang dapat gawin ng isang magulang na tagapagbigay ng serbisyo kung nagkamali sila sa isang timesheet?**

Dapat ipaalam ng magulang na tagapagbigay ng serbisyo sa kanilang ahensya ng tagapagbigay ng serbisyo sa lalong madaling panahon upang maayos ang mali. Mahalaga ito, dahil maaaring ituring ang mga pagkakamali sa pagsingil na isang panloloko ng Medicaid, kahit na isang aksidente ang mga ito.

10. **Maaari bang bayaran ang isang magulang na magbigay ng transportasyon para sa kanilang anak kung nauugnay ito sa isang plano ng suporta sa positibong pag-uugali?**

Hindi.

11. **Kung nasa waitlist ng CIIS ang isang kliyente at naging karapat-dapat at pinipiling sumali sa CEN, tatanggalin ba sila mula sa waitlist ng CIIS?**

Puwede silang manatili sa waitlist kung pipiliin nila.

12. **Kung hindi nakakatanggap ang isang bata ng mga serbisyo ng paaralan dahil sa pagiging delikado sa larangang medikal, makakatanggap ba sila ng suporta sa panahon ng araw ng eskwela? Paano kung nasa tahanan sila mula sa paaralan dahil sa pagiging nasa hospisyo?**

Kung ganap na hindi pumapasok ang isang bata sa paaralan dahil sa kagustuhan ng magulang, kahit pa delikado sila sa larangang medikal, hindi sila makakatanggap ng binayarang suporta mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo, kasama ang isang magulang na tagapagbigay ng serbisyo, sa panahon ng regular na mga oras ng eskwela.

Kung nasa **hospisyo na pangangalaga o tinanggal mula sa paaralan** ang isang bata, puwede itong ituring bilang kagaya ng kapag may sakit ang isang bata sa tahanan at walang paghihigpit sa kung kailan makakapagtrabaho ang isang binayarang tagapagbigay ng serbisyo kaugnay sa araw ng eskwela.

13. **Puwede ba ang kabiyak ng isang magulang, gaya ng isang fiancé, na maging isang DSP para sa anak ng magulang sa labas ng programang CEN?**

Oo. Wala sa kasalukuyang tuntunin laban sa isang kabiyak ng magulang, gaya ng isang fiancé, na maging isang bayarang tagapagbigay ng serbisyo.

14. **Sinasabi ng 411-375-0055(5)(C)(iii) na ang isang common law employer (CLE) ay hindi dapat sa kasalukuyan nagtatrabaho bilang isang tagapagbigay ng serbisyo sa kahit na anong kakayahan para sa indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo.**

    **Ibig bang sabihin nito na kinakailangan ang mga magulang na kasalakuyang CLE para sa ibang mga PSW na magtalaga ng ibang CLE kung magiging isang magulang na tagapagbigay ng serbisyo sila?**

Tama yan, kailangan ng magulang na magtalaga ng isang bagong CLE.

15. **Puwede bang kunin ng mga magulang ang sahod na ito sa ilalim batas sa kahirapan ng pangangalaga upang hindi ito mapabilang sa kanilang sahod para sa SSI at iba pang mga benepisyo sa estado at hindi kailangang magbayad ng buwis sa sahod?**

Sa kasamaang palad, hindi masagot ng ODDS ang tanong na ito at inirerekomenda namin ang pagkonsulta sa isang propesyonal sa buwis.

### 16. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng 5GSN vs 5B at 5M?

• Nangangahulugan ang GSN na general support needs para sa mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay (mga ADL) at mga instrumental na aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay (mga IADL).

- Idinadagdag ang naaangkop na mga item hanggang sa pantay sa isang GSN sa pagitan ng 14 at 84.

• Nangangahulugan ang MSN na medical support needs na mayroong isa o higit pang medikal na (mga) kondisyon na nangangailangan ng napakataas na antas ng suporta.

- Idinadagdag ang mga iskor mula 28 na katanungan sa mga paggamot at mga terapiya upang matukoy ang iskor ng MSN.
- Itinatalaga ang isang tao sa 5m kung ang iskor nila sa MSN ay 5 o higit pa at may hindi bababa sa isang araw-araw na medikal na paggamot o terapiya na nakakatugon sa pamantayang ng “mga pagganap ng suportang tao”.

• Nangangahulugan ang BSN na behavior support needs o mga pangangailangang suporta sa pag-uugali na mayroong mga hamon sa pag-uugali na nangangailangan ng napakataas na antas ng suporta.

- Walang bilang ng mga iskor ang nauugnay sa BSN.
  Itinatalaga ang isang tao sa 5b kung nakakatugon ang mga pag-uugali ng tao at ibinigay na mga suporta sa itinatag na pamantayan.

17. **Mawawala ba ng isang magulang ang kanyang mga karapatan bilang legal na tagabantay kung nai-enroll ang kanyang anak sa CEN?**

    Hindi. Hindi nakakaapekto ang CEN sa pagiging legal na tagabantay ng isang menor-de-edad na bata.

18. **Kung lumampas na ang pagiging karapat-dapat ng isang bata sa Medicaid, may panahon pa ba upang maibalik ang kanilang pagiging karapat-dapat upang makatugon sa mga kinakailangan para sa CEN?**

    Ang unang 155 na mga bata ay kailangang makatugon sa lahat ng mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat bago makapag-enroll sa CEN. Kung kailangan ng mga bata ang mahigit sa 90 araw dahil sa paglampas ng Medicaid o CHIP Medicaid, itinuturing itong isang “magandang dahilan” at magbibigay ang ODDS ng mga

pagpapalawig para sa dagdag na 90 araw. Sa panahon ng mga pagpapalawig, mapapanatili ng mga bata ang kanilang puwesto sa enrollment sa waiver ng CEN. Pagkatapos na lumipas ang pangalawang 90 araw, kung nakabinbin ang Medicaid ng bata, magbibigay ang ODDS ng isa pang pagpapalawig. Kung hindi pa sinimulan ng bata ang proseso ng aplikasyon sa Medicaid, mag-iisyu ang ODDS ng isang NOPA at maiaalok ang puwesto ng bata sa Programang CEN sa ibang bata na nasa waitlist.

19. **Kailangan ko bang ibunyag ang isang salungatan ng interes para sa aking anak kapag nag-aplay siya para sa CEN kung nagtatrabaho ako sa ODDS o isang CME?**
    Anumang potensyal na mga usapin ng salungatan ng interes ay dapat talakayin kasama ng iyong amo.

20. **Kung magiging bayarang magulang ako sa aking menor de edad na anak, susubukan ba ng gobyerno na bawiin ang pera sa pamamagitan ng pagbawi ng ari-arian?**

    Makikita mo ang higit pang impormasyon tungkol sa pagbawi ng ari-arian dito: https://www.oregon.gov/odhs/financial-recovery/pages/estate-recovery.aspx o mag-email sa

https://www.oregon.gov/odhs/financial-recovery/pages/estate-recovery.aspx kaugnay ng iyong partikular na mga katanungan.

21. **Ano ang kailangang kumpletuhin bago makalipat ang isang bata mula sa CIIS patungo sa CDDP upang makapag-enroll sa CEN?**

Hindi maaaring mai-enroll ang isang bata sa waiver ng CEN hanggang sa maberipika ang pagiging karapat-dapat sa CEN. Puwedeng mangyari anumang oras ang paglipat mula sa CIIS pagkatapos nito, kasama ang bago makumpleto ang pagsasanay ng magulang at bago tanggapin ang isang magulang ng isang ahensya. Kung magkaroon ka ng mga isyu sa mga paglilipat, mangyaring ipaalam ito sa ODDS sa pamamagitan ng pag-email sa cenprogram@odhs.oregon.gov upang makatulong kami.

22. **Puwede bang italaga ang Common Law Employer (CLE) bilang isang proxy sa panahon ng interim hanggang sa makumpleto ang paglilipat?**

Hindi. Hindi maaaring kunin ng mga proxy ang lahat ng mga responsibilidad ng CLE.

23. **Kailangan bang kumuha ang mga magulang ng isang quiz pagkatapos ng pagsasanay sa Zoom/magulang? Paano makakatulong ang SC sa kanila diyan?**

Oo, dapat nilang kumpletuhin ang isang quiz bago matugunan ang kinakailangan sa pagsasanay ng magulang, ngunit hindi kailangang pagkatapos agad ng pagsasanay. Matutulungan ng yunit ng pagsasanay ng ODDS ang mga magulang sa teknikal na mga katanungan tungkol sa pagsasanay ng magulang at pag-akses sa Workday. Gagawin ng yunit ng pagsasanay na available ang mga serbisyong access sa wika batay sa kahilingan at pagbibigay ng 1-linggong abiso.

24. **Kung bumababa ang mga rate ng PSW dahil lumalabas ang isang bata sa CIIS, kailangan ba naming kumpletuhin ang isang bagong Kasunduan sa Serbisyo (Service Agreement ,SA) ng PSW?**

- Hindi. kapag mayroong pagbabago sa isang sahod ng PSW sa gitna ng isang panahon ng SA, hindi namin kinakailangan ng pagbabago sa kasunduan sa serbisyo.

25. **Kung pupunta ang isang bata sa pamamahala ng kaso ng county (CDDP) upang ma-access ang waiver ng CEN, kailangan ba ng county na lagdaan ang porma ng pagbabago ng ISP?**

Alinmang CME na magpapasimula ng form ng pagbabago ay maaaring lagdaan ito. May bisa ito kahit pa ang CIIS o ang tumatanggap na CDDP ang lumagda dito.

26. **Kung kasalukuyang walang tukoy na pagiging karapat-dapat sa DD ang isang bata, kailangan ba ng mga pamilya na mag-aplay para sa mga serbisyo ng DD para sa kanilang anak o kung hindi ba ay epektibo nilang tinatanggihan ang waiver ng CEN?**

- Ang mga batang may dati nang itinatag na pagiging karapat-dapat sa DD ay dapat lumipat sa CDDP bilang bahagi ng pagpapatala sa programang CEN.
- Ang mga bata sa CIIS na walang itinatag na pagiging karapat-dapat sa DD ay maaaring piliin na mag-apply sa CDDP o manatili sa CIIS.

27. **Ano ang mangyayari kung hindi natanggap ang isang magulang sa deadline na ito (at hindi humiling ng pagpapalawig ang ahensya sa pag-hire)? Aalisin ba ang bata mula sa waitlist o ililipat sa ibaba ng listahan ng referral?**

- Kung nangangailangan ang isang magulang ng mas mahabang oras dahil hindi sila makahanap ng isang ahensyang tagapag-empleyo o nahihirapan, gaya ng pagkakasakit o pagpapaospital, maaaring pahabain ng ODDS ang oras para sa mabuting layunin. Dapat nilang sabihin sa CME kung bakit kailangan nila ng mas mahabang panahon at dapat makipag-ugnayan ang CME sa ODDS. Ang mga hindi sumasagot ay inilalagay sa ilalim ng waitlist ng CEN.

### 28. **Maaari mo bang linawin kung sino ang nagpapalit ng porma ng Developmental Disability Eligibility Enrollment (DDEE) para sa bata? Ang CME ba o ODDS?**

Ayon sa Eligibility and Enrollment Worker Guide, hindi kinakailangan ang porma ng DDEE. Aabisuhan lang ng ODDS ang CME na karapat-dapat o hindi karapat-dapat ang bata. Ang mga hakbang na kukumpletuhin ng CME kapag nakumpirmang karapat-dapat ang bata ay nasa pahina 8 ng CEN WG.

### 29. **Sinasaklaw ba ng CEN ang halaga ng parehong mga supply na sakop ng CIIS?**

- Ang CEN waiver ay mayroon ding Specialized Medical Supplies na kinabibilangan ng parehong mga supply na pinahintulutan sa

pamamagitan ng CIIS. Makikita mo ang mga alituntunin at pamantayan sa paggasta sa Assistive Devices and Technology Worker Guide.

### 30. Ia-update ba ang porma ng Freedom of Choice upang maisama ang CEN?

- Kinakailangang pumirma ng pamilya sa isang bagong porma ng Freedom of Choice, ngunit ito ang parehong porma na palagi naming ginagamit. Ang porma ay hindi naglilista ng partikular na mga waiver ngunit kinakailangan ang bago sa tuwing magpapalit ang isang tao mula sa isang waiver patungo sa isa pa.